Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
**BAYAN NG NAUJAN**
**TANGGAPAN NG PUNUMBAYAN**
Naujan 5204, Silangang Mindoro, Pilipinas

04 Marso 2016

**G. ROSS M. DELGADO**
77 Yesler Way, Seattle
Washington 98104

Mahal na ***G. Delgado***,

Magandang araw po sa inyo.

Ako po ay lumiham sapagkat nasabi po sa akin ng ilan kong kaibigan na nababanggit daw po ang pangalan ko sa *social media* partikular daw po sa Batang Naujan hinggil sa mga isyu tungkol sa Hydro ng Sta. Clara (Lower Catuiran Hydro Electric Power Project) sa Barangay Malvar at Geothermal Power Project ng Emerging Power Inc. (EPI) sa Barangay Montemayor, parehong sakop ng bayan ng Naujan.

Para sa kaalaman po ng lahat, ang mga *issues and concerns* tungkol sa dalawang (2) nabanggit na proyekto ay malaon na pong tinalakay sa Department of Environment and Natural Resources (DENR) partikular na sa Protected Area Management Board (PAMB). Nagkaroon din po ng talakayan sa ilang mga paksain sa Pamahalaang Bayan ng Naujan sa pamamagitan ng Sangguniang Bayan, Pamahalaang Panlalawigan kasama ang Sangguniang Panlalawigan, Media at iba pa kung saan ay malayang tinalakay at pinag-usapan ang mahahalagang bagay at katanungan hinggil sa mga proyektong ito. Maaari pong may mga *recordings* ang ilang mga *forum* kung saan nagkaroon ng talakayan. Pwede po tayong makipag-ugnayan sa kanila lalo na sa Pamahalaang Panlalawigan kung saan dumalo ang mga konsernadong opisyales, *media* at indibidwal hinggil sa mga isyung ibinabato sa dalawang (2) proyekto. Maaari din po kayong magtanong sa Sta. Clara at Emerging Power Inc. (EPI) kung mayroon silang *recordings*.

Sa bahagi po ng Pamahalaang Bayan ng Naujan, ang inyo pong lingkod ay naglabas ng Memorandum noon pang Marso 11, 2014 kung saan ako ay nagtalaga ng mga kasapi ng isang Technical Working Group (TWG) na binubuo nina Engr. Precy H. Olmos, *Municipal Engineer*, Gregorio S. Janda, *Zoning Officer*, Melvin Bacay, *Environmental Management Specialist*, Joery Geroleo, *Municipal Disaster Risk Reduction and Management Officer*, at Dionisio Mercado, Zoning Inspector I, upang makipag-ugnayan sa mga kinauukulan ng dalawang proyekto at upang mag*monitor* at mag-ulat sa Punumbayan kung mayroong mga hindi kanais-nais na gawain dito na hindi makabubuti sa ating mga mamamayan. Ang mga kasapi po ng TWG ay agad kong pinapupunta sa lokasyon kung saan naroroon ang 2 proyekto sa tuwinang ako ay may nababalitaang reklamo laban sa kanila. Makikita po sa mga inilakip na mga dokumento sa liham na ito kung paano binantayan at ginawan ng hakbang ng ating Pamahalaang Bayan maging ang mga hindi pa beripekadong balitang nakakarating dito noon hangggang ngayon hinggil sa mga proyektong ito.

Ang mga kasalukuyang puna at komentaryo sa *social media* hinggil sa dalawang proyekto ay normal po lamang at bahagi ng isang demokratikong proseso. Patunay po ito na gising na ang kamalayan ng ating mga mamamayan at ikinagagalak ko po ito. Kaisa po ninyo ako at makakaasa po kayo na ang inyong lingkod ay hindi tatangkilik sa pagmimina at hindi ito papayagan kailan man sa ating bayan. Isa po ako sa mga lumagda sa *Green Thumb Campaign* na kamakailan lamang ay isinulong ng ABS-CBN sa ating lalawigan kung saan ay hinihikayat ang mga kandidato na isama ang kalikasan sa kanilang plataporma de gobyerno. Lahat po tayo ay mag-ambag ambag para sa ating kalikasan. Matagal na po naming isinusulong sa Pamahalaang Bayan ng Naujan ang pagtatanim upang matulungan natin ang ating Inang Daigdig.

Sama-sama po tayong magbantay para sa kalikasan!

Ang inyong lingkod,

**Atty. MARK N. MARCOS**
Punumbayan